

Naglabas ang FEMA ng Pinagsamang Pampublikong Abiso sa Direktang Pabahay para sa Florida

Release Date: Disyembre 12, 2024

TALLAHASSEE, Fla.— Ang mga pampublikong abiso ay nai-post sa website ng FEMA na naglalarawan ng magagamit na tulong sa FEMA at iminungkahing mga aksyon na pinondohan ng FEMA, kabilang ang mga aktibidad na maaaring makaapekto sa mga makasaysayang ari-arian, mga floodplain at wetland sa Florida para sa mga Hurricane Helene at Milton.

Maaaring mag-alok ang FEMA ng mga tiyak na uri ng pansamantalang pabahay sa mga pribado, komersyal o grupong lokasyon. Bago magbigay ng pansamantalang pabahay, dapat suriin ng FEMA kung nakakaapekto ang pagkilos sa 1% taunang tansya ng floodplain o wetland, kasunod ng prosesong nakabalangkas sa 44 Code of Federal Regulations (CFR) 9. 7(c), determinasyon ng lokasyon ng iminungkahing aksyon, determinasyon ng Floodplain. Ang pabahay para sa isang indibidwal o pamilya sa 1% taunang tansya ng floodplain o wetland ay maaaring payagan lamang kung ang lugar ay itinuturing na nag-iisang praktikal na alternatibo at sumusunod sa mga lokal na ordenansa at regulasyon.

Kung walang posible na alternatibo sa labas ng mga naimapang floodplain, maaaring maglagay ang FEMA ng Transportable Temporal Housing Units (TTHUs) sa Special Flood Hazard Areas (SFHA) sa **Citrus, Columbia, Dixie, Hamilton, Hernando, Lafayette, Levy, Madison, Okeechobee, Pasco, Pinellas, Suwannee** at **Taylor** county upang matulungan ang mga nakaligtas sa mga pagbaha mula sa Hurricane Helene at Milton.

Inaatasan ng batas ang FEMA na magbigay ng pampublikong abiso tungkol sa layunin nitong magbigay ng pederal na tulong at magbigay ng mga grant sa pamamagitan ng mga programa ng Tulong sa Publiko ng ahensya.

Ang mga pampublikong abiso na ito ay nagsisilbing pangmalawakang paunang abiso sa kalamidad upang matugunan ang intensyon ng FEMA na mabayaran ang



FEMA

Page 1 of 2

mga karapat-dapat na aplikante para sa mga gastos upang ayusin o palitan ang mga pasilidad na nasira dahil sa mga Hurricane na Helene at Milton.

[Ang pampublikong abiso para sa Hurricane Milton ay nai-post sa web page ng sakuna ng FEMA sa \[fema.gov/disaster/4834/notification\]\(https://fema.gov/disaster/4834/notification\) at sa web page ng Florida Division of Emergency Management sa \[floridadisaster.org/public-notices/\]\(https://floridadisaster.org/public-notices/\).](#)

[Ang pampublikong abiso para sa Hurricane Helene ay nai-post sa web page ng sakuna ng FEMA sa \[fema.gov/disaster/4828/notification\]\(https://fema.gov/disaster/4828/notification\) at sa web page ng Florida Division of Emergency Management sa \[floridadisaster.org/public-notices/\]\(https://floridadisaster.org/public-notices/\).](#)

[Ang mga interesadong tao ay maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa mga pagkilos na ito o sa isang partikular na proyekto sa pamamagitan ng pagsulat sa FEMA Region 4, 3005 Chamblee-Tucker Road, Atlanta, Georgia 30341 o sa pamamagitan ng pag-email sa \[FEMA-R4EHP@fema.dhs.gov\]\(mailto:FEMA-R4EHP@fema.dhs.gov\). Ang mga komento ay dapat ipadala na nakasulat sa may linya ng paksa ang "DR 4834-FL EHAD" sa address sa itaas sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng abiso na ito.](#)

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Florida mula sa Hurricane Milton, bisitahin ang fema.gov/disaster/4834. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi sa Hurricane Helene, bisitahin ang fema.gov/disaster/4828. [I-follow ang FEMA sa X sa \[x.com/femaregion4\]\(https://x.com/femaregion4\) o sa Facebook sa \[facebook.com/fema\]\(https://facebook.com/fema\).](#)

###

Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago, habang at pagkatapos ng mga sakuna.

